



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Hulyo 21, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt, 415.517.4147

Air District, napondohan ang una nitong garantiya sa utang para sa walang emisyonong ferry

SAN FRANCISCO - Iginawad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang kauna-unahan nitong garantiya sa utang sa SWITCH Maritime, isang kumpanyang namumuhunan sa epekto, na bumubuo sa unang fleet ng mga walang emisyonong sasakyang-dagat sa North America.



Ang pangunahing sasakyang-dagat ng SWITCH ay isang natatanging 84-passenger, fuel cell na electric na “e-ferry” na kasalukuyang nasa mga panghuling yugto ng konstruksyon, at magsisimula ng operasyon sa isang ruta sa pagitan ng Oakland at San Francisco sa huling bahagi ng taon na ito. Ang proyektong ito ay magkakaroon ng mga karagdagang benepisyo ng paggawa ng trabaho para sa 63 tao habang binabawasan ang mga emisyon ng gas ng greenhouse at diesel particulate matter para sa mga apektadong komunidad sa paligid ng Port of Oakland.

“Nasasabik ang Air District na pangunahan ang makabagong teknolohiya na ito sa Bay Area para mapabilis ang pagkilos sa klima at mabawasan ang pagdepende natin sa mga gatong na mula sa mga labi ng hayop at halaman,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang hydrogen fuel cell na ferry ay isang tagalinis na solusyon na poprotekta sa pampublikong kalusugan at babawas sa nakakasamang mga emisyon ng diesel sa mga komunidad kung saan ito pinakakailangan.”

“Napatunayang mahalaga ang garantiya sa utang ng Air District sa pagbibigay-daan sa mainstream na kapital para masimulan ang makabagong proyektong ito,” ayon kay Pace Ralli, CEO ng SWITCH. “Umaasa kami na ito ang una sa maraming kolaboratibong pagsisikap sa pagitan ng SWITCH at Air District, para tumulong na magtalaga ng mga walang emisyonong sasakyang-dagat sa Bay Area.”

Ang garantiya sa utang na ito ay ang unang proyekto sa programang Pananalapi sa Teknolohiya sa Klima (Climate Tech Finance) ng Air District, na naglalayong mabawasan ang mga gas ng greenhouse sa pamamagitan ng pagpapabilis sa mga bagong teknolohiya sa klima. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at sa Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang kwalipikasyon sa teknolohiya at pagsusuri sa gas ng greenhouse, kung saan natukoy na kwalipikado ang SWITCH para sa isang \$2.5 milyong garantiya sa utang. Sinuportahan ng garantiya sa utang na ito ang SWITCH sa pag-utang ng \$5 milyon sa isang komersyal na bangko.

“Ipinagmamalaki ng Bangko sa Pag-unlad ng Impra-istruktura at Ekonomiya ng California (California Infrastructure and Economic Development Bank, IBank) ang aming partnership sa Air District at Korporasyon sa Pag-unlad ng Pananalapi ng Nor-Cal (Nor-Cal Financial Development Corporation, Nor-Cal FDC) para magbigay ng pananalapi para sa uring ito ng makabagong proyekto,” ayon kay Scott Wu, Tagapagpaganap na Direktot ng IBank. “Mayroong lumalaking listahan ng magagandang proyekto na puwedeng gumawa ng pagkakaiba hindi lang para sa California pero makakatulong na itakda ang pamantayan sa inobasyon para sa mga komunidad sa buong mundo. Nagsisikap kaming tiyakin na mayroong mas magandang anunsyong darating.”

Ayon kay Sanford Livingston, CEO ng Nor-Cal FDC, “Pinagmamalaki naming makipagtulungan sa team ng mga eksperto ng Air District at magdala ng inobatibong solusyon sa market na positibong nakakaapekto sa klima ng California. Malaki ang nagiging pakinabang ng mga entrepreneur habang ginagawa namin silang kwalipikado para sa pinakakinakailangan nilang kapital, na nagbibigay-daan sa mas malawak na abot ng kanilang kumpanya.”

Ang pangunahing pagpapahalaga ng [Climate Tech Finance](#) ay suportahan ang mga inobatibong proyekto sa klima at tinitiyak ng pagsusuri ng gas ng greenhouse ng Air District na mababawasan ng mga bagong teknolohiya ang panandalian at pangmatagalang emisyon ng gas ng greenhouse. Ang electric na propulsion system at fuel cell powertrain ng e-ferry ay 100 porsiyentong walang emisyon, na ganap na pumipigil sa mga emisyon ng gas ng greenhouse na nauugnay sa karaniwan at pinapatakbo ng diesel na sasakyang-dagat. Ipinapakita ng mga pagtatantya na ang operasyon ng walang emisyon ferry na ito sa San Francisco Bay ay humigit-kumulang na makakabawas ng 1,190 metrikong tonelada ng carbon dioxide na katumbas na emisyon kada taon sa loob ng susunod na limang taon o higit pa.

Itinatag ang [SWITCH Maritime LLC](#) noong 2018 ng parehong pangunahing may-ari ng [Clean Marine Energy LLC](#), na namumuhunan sa malinis na impra-istruktura sa paggatong. Namumuhunan ang SWITCH para buuin ang unang fleet ng mga walang emisyon electric na sasakyang-dagat sa North America, na pinapatakbo ng baterya at/o mga hydrogen fuel cell. Layunin ng SWITCH na pagkakitaan ang at bumuo ng mga walang emisyon sasakyang-dagat, tulad ng mga ferry, na magagamit ng mga kasalukuyang operator sa mga mahalagang market ng ferry. Bukod pa rito, malapit na makikipagtulungan ang SWITCH sa Pakikipagpalitan sa Merkado ng Chicago (Chicago Mercantile Exchange, CME) para bumuo ng impra-istruktura sa pag-charge/paggatong na kinakailangan para suportahan ang mga walang emisyon sasakyang-dagat na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)